# *Pitak Filipino*

Ni Kap. Agustin L. Galang, NIG (17)

## ANO ANG ATING PAKAY?

Tinatanggap ng lahat na nakapagtamo na ng kahustuhang liwanag, na walang dalawang tao na makapagiisip ng parehong-pareho. Ang isang pangkat ng mga Mason ay naniniwalang ang ating magagandang aral ay dapat na manatili lamang sa loob ng ating templo. Ang iba naman ay matatag ang paninindigan na ang Masoneria'y itinatag na may dakilang pakay — ang magsabog ng liwanag sa mga nasasakarimlan at magpalaya sa mga isipang nasasakaalipinan. Dahil diyan ang kanyang magagandang aral ay dapat na matamo ng mga maharlika sa palasio, gayon din ng mga dukha sa mga dampa. Ang pagpapalaganap ng ating simulain ay hindi nararapat na magkaroon ng hangganan sa kanyang pagpapahalaga. Kung magkakagayon, ang tiyak na katuturan ng ating mabubuting layunin, ay hindi lubos na masisimsim, ng mga malalayo sa bayan, doon sa mga liblib na pook na tinatawaran ang katotohanan ng ating Kapatiran. Nagdaan ang panahon na ang isang Mason ay pinangingilagan, ni ayaw pakisamahan, sapagkat ang mga Mason ay eskomunikado. Sa taong sinauna ang Mason ay isang erehe, di sumasamba sa Diyos, kalaban ng Simbahan, ang simulain ay rebolusionario, ang mga aral ay salungat sa katarungan at moralidad, kaya pinagdududahan at pinangririmariman.. Ang lahat ng mga upasalang iyan ay kagagawan ng mga pare. Hindi nila gusto na magkaroon ng isang Kapatirang ang mision ay magmulat ng matang nadidimlan at magpalaya ng inaaliping kaisipan. Ngayon, sila'y nagiiba na gawa ng Dakilang Papa Juan.

Ang tunay na kahalagahan ng Masoneria sa pagpapaunlad ng Sankatauhan, ay hindi makukuha sa pagtatangha (display) ng makukulay na kasuutan, tuwing instilasion, paglilibing o parada, o sa kasanayan sa mga pamamaraan o seremonia. Nakikita ito sa gawain ng bawa't Mason—ang kabutihan ng pakikisama, pagpapapuri sa katatayuan sa lahat ng pagkakataon, handang makipagtulungan sa lahat ng mga gawaing tungo sa ikauunlad ng komunidad na kanyang kinaroroonan.

Ang dakilang hangarin ng Masoneria ay gamitin ang kanyang impluensia sa pagpapataas ng moralidad at palawakin ang kabatiran ng sosiedad. Tumuklas ng likas na karunungan at isabog ang mga butil nito sa karamihang-tao; at sa pamamagitan ng pag-


**C. DEL MUNDO REALTY**

Member:

Manila Board of Realtors
Philippine Association of Real Estate Boards.

Specialists in.

Sales, Service, Brokerage, Sub-Divisions, Low-Cost Housing, etc.

Send inquiries to:

C. Del Mundo Realty
600 Rizal Ave., Manila — Tel. 3-24-31
1120 A. Mabini, Manila — Tel. 59-84-21

titiis at tiyaga ay maikalat ang ginintuang aral at prinsipio para sa kabutihan at kagalakan ng katauhan.

Dapat na ituring na kabanalan ng lahat ng Mason ang sinumpaan nilang tungkulin na itanim sa isip ng mga karaniwang tao ang mga maka-Diyos na aral ng Masoneria. Isinulat ng isa sa ating magigiting na Bayani na: "Itinakda ng historia na ang Masoneria ay maging apostol ng pagsulong at ng kalayaan." At sa gayun ding paniniwala, ang Kap. na Marcelo H. del Pilar ay iminungkahi na "Sa Pilipinas, ang Masoneria ang siyang karapatdapat na lider ng kilusan ukol sa ikatutubos ng ating Inang Bayan. Dapat na magpunyagi sa pagpapalaganap ng pagibig sa kalayaan, pagkakapantaypantay at katarungan. Ang lahat ng mga ito ay kailangang makintal sa ating kaisipan, manalaytay sa ating dugo, tumibok sa ating mga puso at mailarawan sa ating mga batas." Iyan din ang matayog na mithiin ng Malalaya't Tinanggap na Mason. △

* * *


## Order Now Your Past Masters' Jewels:

**10 KT. Gold ....... ₱150.00**
**Gold Filled ......... 75.00**

*Every Master Mason, particularly Lodge officers, should possess a copy of our Masonic Law Book, if he wants to be* Conversant *with our laws, rules, and regulations.*

*So order a copy now!*

**Price ........... 3.50 each**
**20 copies or more . . 3.00 each**

Plaridel Masonic Service Supply
1440 San Marcelino St.
Manila


**WORDS AND . . .** From page 3

less changes in his composition of words until he has arrived at the combination that describes the image as clearly as his talents permit.

To me, therefore, it would seem that the creation of an effective and expressive image, pleasing and descriptive of the thought or idea, by means of a suitable choice and composition of the spoken word is the more difficult to achieve. For the orator there is no opportunity to rephrase, erase or even to modify his words. They must be in focus at every turn or the clarity of the image would be impaired.

It is thus that I can readily appreciate the functions of this discerning organization. You are constantly improving the ability of men to express themselves, facilitating the communication of thoughts and ideas, and striving always to remove the mental or physical blocks to the achievement of this vital need in our society.

We all realize, of course, that perfection in this is impossible to achieve. None of us has ever heard the perfect speaker — nor shall we. But the closer we come to perfection, the more pleasant will become our relationships with others.

The more clearly we can communicate our thoughts to others, the more helpful and effective we will become in our society. △

* * * *


**G. O. SABAS**
**Jeweller**

**Maker of Masonic Emblems and Jewelry**

**D. R. ESCOSA**
*Authorized Representative*

75 Sibuyan St., Sta. Mesa Heights
Quezon City Tel: 615998